PLACE OF GRACE

# Tatlong Pagtanggi, Tatlong Beses Nakatulog

WEEK 1

## WARM-UP

- Gaano ka umaasa sa mga mapa *online* para sa direksyon? Magbigay ng maikling paliwanag.
- Saan ka pumupunta para magpalakas at magpahinga kapag napapagod ka na at kailangan mong mag-isip-isip? Paano mo nadiskubre ang lugar na ito?
- Balikan ang panahon kung kailan may isang tao na buong tapang na hinulaan kung ano ang mangyayari at nakita niya itong nagkatotoo. Ano ang naramdaman mo?

## WORD

*27Sinabi ni Jesus sa mga tagasunod niya, "iiwan ninyo akong lahat, dahil sinabi ng Diyos sa Kasulatan, 'Papatayin ko ang pastol at magsisipangalat ang mga tupa.' 28Ngunit pagkatapos na ako ay muling mabuhay, mauuna ako sa inyo sa Galilea."* **MARCOS 14:27–28**

Pumasok si Jesus sa mundo natin nang may nakabukod at malinaw na misyon—tubusin tayo mula sa kasalanan sa pamamagitan ng pagbigay Niya ng Kanyang buhay. Bago Niya ito natupad, inihanda ni Jesus ang Kanyang mga disipulo para sa mga bagay na mangyayari. Sinabihan Niya sila na silang *lahat* ay *iiwan* Siya. Pero kasama ng balitang ito ay ang katiyakan na mauuna Siya at makikipagkita Siya sa kanila pagkatapos Niyang *muling mabuhay*. Sa kabila ng kanilang magagandang hangarin ay binigo pa rin si Jesus ng Kanyang mga disipulo. Tulad ng Kanyang mga tagasunod, maaari rin nating mabigo si Jesus. At tulad ng pagbibigay ni Jesus ng biyaya at pagpapatawad sa kanila kahit sila'y nagkamali, ganito rin ang inihahandog Niya sa atin. Ngayon ay titingnan natin kung paano ibinukod si Jesus upang maibalik tayo sa Diyos at mabigyan tayo ng kakayahang mamuhay sa Kanya mula sa isang lugar ng biyaya—ang tinapos Niyang gawain sa krus.

## 1 Si Jesus ay binukod bilang ang ipinangakong Pastol na tumupad sa kalooban ng Ama.

*[27]Sinabi ni Jesus sa mga tagasunod niya, "Iiwan ninyo akong lahat, dahil sinabi ng Diyos sa Kasulatan, 'Papatayin ko ang pastol at magsisipangalat ang mga tupa.' . . ." [36]Sinabi niya, "Ama, magagawa n'yo ang lahat ng bagay. Kung maaari, ilayo n'yo sa akin ang mga paghihirap na darating. Ngunit hindi ang kalooban ko ang masunod kundi ang kalooban ninyo."* **MARCOS 14:27, 36**

Sinabi ni Jesus ang pagkakawatak-watak ng Kanyang mga tagasunod bilang isang propesiya na ayon sa Zacarias 13:7 upang bigyang-diin ang katuparan ng Kanyang pagiging ipinangakong Pastol. Binigyang-diin ng deklarasyong ito ang papel ni Jesus sa plano ng Diyos, na tumutukoy sa Kanyang magiging sakripisyo. Nang magdasal si Jesus bago pa Siya hulihin, tinawag Niya ang Diyos na bilang Ama na nagpapahiwatig ng malapit na ugnayan nila at ng pagpapasailalim Niya sa kalooban ng Ama sa kabila ng Kanyang mga pangamba bilang tao. Sa Kanyang pagpapasailalim sa plano ng Diyos at pagtanggap sa darating na pagdurusa, ipinakita ni Jesus ang pagsunod Niya sa pamamagitan ng pagsasakripisyo ng Kanyang buhay para sa atin. Sa gitna ng mga hamon at paghihirap, makakatiyak tayo na si Jesus, ang ating Mabuting Pastol, ay ginawa ang lahat, kabilang na ang pagsasakripisyo ng Kanyang buhay, para sa kabutihan natin. Paano ka natulungan ng katotohanang ito para magpatuloy sa pananampalataya habang pinagdadaanan ang isang kritikal na panahon sa buhay mo?

## 2 Si Jesus ay ibinukod bilang isang mapagmahal na Pastol na nagpapaalala, gumagabay, at nagpapanumbalik sa atin.

*[28]"Ngunit pagkatapos na ako ay muling mabuhay, mauuna ako*

*sa inyo sa Galilea." . . .* [38]*At sinabi niya sa kanila, "Magpuyat kayo at manalangin para hindi kayo madaig ng tukso. Ang espiritu ay handang sumunod, ngunit mahina ang laman."* **MARCOS 14:28, 38**

(Basahin din ang **MARCOS 16:6–7.**)

Kahit na alam Niya na bibiguin Siya ng Kanyang mga disipulo, nagpakita ng pag-aalala si Jesus para sa kanilang espiritwal na kabutihan. Ipinaalam Niya kay Pedro ang gagawin nitong pagtanggi sa Kanya nang tatlong beses ngunit ipinagdasal Niya na hindi mabigo ang pananampalataya ni Pedro (Lucas 22:31–34). Nang pumunta si Jesus sa Getsemane at inutusan ang Kanyang mga disipulo na *magpuyat at manalangin*, nahuli Niya silang natutulog. Tulad nito, alam ni Jesus na maaari natin Siyang mabigo. At tulad ng ginawa Niya upang maibalik si Pedro at ang iba pang mga disipulo sa pamamagitan ng mga babaeng nakakita ng libingang walang laman (Marcos 16:6–7), mananatiling matatag si Jesus sa Kanyang pangako na mananatiling isang mapagmahal na Pastol para sa atin. Sa kabila ng ating mga pagkukulang, gagabayan at ibabalik Niya ang Kanyang mga tupa nang may pagmamahal. Ang Kanyang biyaya at pagmamahal na hindi nabibigo ay hindi kailanman magbabago, at tinatawag Niya tayo na sundin ang Kanyang paggabay. Ano ang sinasabi ng 2 Corinto 12:9–10 tungkol sa biyaya ng Diyos?

Sa kabila ng pagdurusa, hindi gumanti si Jesus at ipinagkatiwala Niya ang Kanyang sarili sa Diyos. Sa pamamagitan ng Kanyang kamatayan sa krus, inako Niya ang ating mga kasalanan, na nagsilbing daan para matubos at mapagaling ang ating mga kaluluwa (1 Pedro 2:22–25). Sa pagsunod natin kay Jesus, tayo ay nagkakaroon ng kakayahan, sa pamamagitan ng Kanyang biyaya, na mamuhay para sa Kanya, tinutularan ang Kanyang kababaang-loob at kahandaang magtiis ng pagdurusa upang matupad ang Kanyang layunin. Ginagabayan, pinoprotektahan, at pinangangalagaan tayo ni Jesus bilang ating Pastol at tagapangasiwa, na umaakay sa atin tungo sa kaligtasan at buhay na walang hanggan.

## APPLICATION

- Anong bahagi ng buhay mo ang may kaguluhan at kawalan ng katiyakan? Paano mo maipapamuhay ang natutunan mo ngayon sa sitwasyong ito?
- Mayroon ka bang naging kabiguan noon na nakakaapekto pa rin sa buhay mo ngayon? Kausapin ang isang taong pinagkakatiwalaan mo tungkol dito. Hayaan si Jesus na magdulot ng paggaling at kaayusan sa buhay mo at bigyan ka ng kakayahang mamuhay nang matagumpay sa Kanya.
- Paano mo mapapalakas ang loob ng isang tao upang hayaan si Jesus na gabayan siya ngayong linggo?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa pagpadala Niya kay Jesus upang maging mapagmahal nating Pastol. Hingin sa Diyos na bigyan ka ng kakayahang sundin ang halimbawa ni Jesus at sumusunod sa Kanya.
- Hilingin na mas makilala mo pa si Jesus bilang isang mapagmahal na Pastol. Ipanalangin na bigyan ka ng kakayahang malampasan ang kahit na anong pagsubok o tukso sa pamamagitan ng Kanyang lakas.
- Ipanalangin ang mga tao sa mga kaibigan at kapamilya mo na nangangailangan ng gabay ng Diyos sa mga partikular na bahagi ng kanilang mga buhay. Hilingin sa Diyos na magbukas Siya ng mga pagkakataon upang makapaglingkod ka sa kanila ngayong linggo.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2024 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Mona Pondales

victory.org.ph